

# Impormasyon sa Pang Araw-araw na Pamumuhay

## 1 Kaugalian at kagawian ng mga Hapon sa araw-araw na pamumuhay

Mahalaga na maintindihan ninyong mabuti ang kaugalian at kagawian ng mga Hapon upang komportableng makapamuhay dito.

Narito ang maikling diskripsyon ng kaugalian/kagawiang Hapon para sa inyong kaalaman.

### (1) Pagbating Hapon

“Ohayougozaimasu” Magandang umaga

“Konnichiwa” Magandang tanghali/hapon


“Konbanwa” Magandang gabi



### (2) Araw-araw na Asal (Ingay • Pagluluto)


Magkabalapit/magkadikit ang mga bahay dito sa Japan lalo sa sa siyudad. Partikular na ang mga pader/dingding ng mga apartment ay maninipis kaya tumatagos ang ingay/tunog sa paligid. Mangyari lamang na bigyan ng konsiderasyon ang mga kapitbahay at hinaan/bawasan ang ingay. Natural lamang na magkakaiba tayo ng kaugalian at kagawian ng pamumuhay, sana man lamang na ang pagkakaibang ito ay hindi masyadong makakaapekto sa pamumuhay.

Kapag kayo ay nagluto lalo na ng pagkaing maamoy, mangyari lamang na mag ingat na hindi umalingasaw ang matindi/mabahong amoy sa paligid



**(3) Paggamit ng mobile phone sa publikong lugar**


Iwasang makipag-usap sa telepono kapag nasa bus, train o elevator, at i-set ang mobile phone sa silent manner mode o i-off.




3

**(4) Kaugalian na paghubad ng sapatos**

Laging hubarin ang sapatos kapag pumasok ng bahay. Maaari din minsan na magsuot ng tsinelas- panloob, subalit kailangan din itong hubarin kapag papasok ng tatami-mat na kwarto.

**(5) Pagbubukod ng basura**

Sumunod sa mga batayan sa trapiko. Ang mga pedestrian ay dapat pumunta sa kanan, at ang mga sasakyan at bisikleta ay sa kaliwa. Sa bangketa, ang pinakamahalaga ay ang kaligtasan ng mga pedestrian.



## ① Pedestrians

- Maglakad sa daanan o sidewalk kung may nakalaan sa daan. Kung hindi man, maglakad sa kanan parte ng daan.
- Huminto at mag-check muna kung ligtas ba lalo pag hindi masyadong nakikita ang daanan.

## ② Bisikleta

- Palaging nasa kaliwang banda kapag nagbibisikleta. (Ipinagbabawal ang pagbibisikleta sa bandang kanan.) Maaari lang kayong magbibisikleta sa sidewalk kapag:
  - Mayroong “OK lang na magbisikleta” na road sign na nakalagay;
  - Mas mababa sa 13 yrs. old, 70 yrs. old pataas, taong may kapansanan;
  - May hinding maiwasang bagay-bagay katulad ng road work(ginagawa ang daan).
- Naging obligasyon na sikaping magsuot ng helmet kapag sasakay ng bisikleta. Siguraduhing magsuot ng helmet kapag sasakay ng bisikleta.
- Ipinagbabawal din ang pagbibisikleta kapag lasing, may kaangkas, may hawak na payong o ibang bagay sa kamay, pagmamaneho sa iisang kamay lang at magkahilerang nagbibisikleta. Sundin ang lahat ng batas trapiko kapag nagbibisikleta: Mag-iilaw sa gabi, sundin ang signal lights, at huminto saglit para siguraduhin ang kaligtasan.
- Sa Tokyo Metropolitan, may pananagutan ang mga gumagamit ng bisikleta na kumuha ng insurance, at iba pa na magbabayad para sa pinsala sa aksidente. Siguraduhing kumuha ng insurance.
- Bilang proteksiyon laban sa pagnanakaw, may pananagutan ang mga gumagamit ng bisikleta na i-lock iyon. Siguraduhing magparehistro ng inyong bisikleta para sa pagprotekta na hindi nakawin, at i-lock iyon sa panahon ng pagpaparada nito.




## ③ Illegal na pagparada ng bisikleta

Ang illegal na pagparada ng bisikleta ay maaaring maging sanhi ng aksidente at trapiko. Gayundin, maaari itong balakid kapag may emergency. Mangyari lamang na gumamit ng bicycle parking lot.

Ipinagbabawal ng ordinansya ang pagparada ng bisikleta sa tabi o paligid ng kahit saang istasyon ng train o subway. Mangyari lamang na tignan ang warning sideboard.

Kapag ipinarada nyo ang bisikleta o motor-bike sa illegal na lugar, makokompiska ito.



**④ Pagbabalik ng tinanggal na bisikleta, at iba pa**

Ililipat sa Impounded Bicycle Storage Center ang mga tinanggal na bisikleta. Ililipat sa storage center ang mga tinanggal na bisikleta. Ang lugar ng storage center na paglilipatan ay depende kung saang istasyon o address tinanggal ang bisikleta.

- Araw kung kailan ibabalik Araw-araw, maliban sa pista opisyal, kapalit na araw nito, at Disyembre 29 hanggang Enero 3
- Oras kung kailan ibabalik: 11:00 a.m. - 7:00 p.m.
- Panahon ng pagtatago: Sa prinsipyo, 30 araw
- Kung anu-ano ang kailangan para maibalik ang bisikleta

- ① ID ng taong kumukuha ng bisikleta
- ② Susi ng bisikleta, o iba pa
- ③ Bayad para sa pagtanggap (Bisikleta: 3,000 yen, Motorsiklo: 5,000 yen)

※ Eksemasyon ng bayad para sa pagtanggap: Sa prinsipyo, kailangang magbayad para sa pagtanggap kahit ninakawan ng bisikleta o iba pa. Pero, pakisuyong magtanong nang patiuana dahil maaari hindi ito saklaw sa bayad para sa pagtanggap kapag isinumite ang notisya ng pagnanakaw sa pulis hanggang sa araw ng pagtanggap.

- Listahan ng mga Impounded Bicycle Storage Center

- ① Kung tinanggal sa loob ng lugar kung saan ipinagbabawal ang pag-iwan ng bisikleta


Pangalan ng Impounded Bicycle Storage Center	Address at numero ng telepono	Istasyon kung saan tinanggal
Impounded Bicycle Storage Center No. 1 (sa ilalim ng Heiwajima-Rikkyo flyover)	Unahan ng 1-2 Heiwajima ☎03-3765-5161	Omori, Omorikaigan, Heiwajima, Omorimachi, Umeyashiki, Showajima, Ryutsu Center, Ikegami, Magome, Nishi-Magome, Ookayama, Kita-Senzoku, Den-enchofu, Tamagawa, Numabe, Unoki, Nagahara, Senzoku-ike, Ishikawadai, Yukigaya-Otsuka, Ontakesan, Kugahara, Chidoricho
Impounded Bicycle Storage Center No. 2 (Ilalim ng Miyako-Ohashi flyover)	Unahan ng 5-1 Heiwajima ☎03-3765-5162	Kamata Sta. East Exit
Impounded Bicycle Storage Center No. 3 (Ilalim ng Miyako-Ohashi flyover)	Unahan ng 2 HeiwanomoriKoen ☎03-3765-5163	Kamata Sta. West Exit, Yaguchinowatashi, Musashi-Nitta, Shimomaruko, Hasunuma
Impounded Bicycle Storage Center No. 6 (Ilalim ng Rokugobashi flyover)	4-30 Naka-Rokugo ☎03-3736-0372	Keikyu Kamata, Zoshiki, Rokugodote, Kojiya, Otorii, Anamori-inari, Tenkubashi

② Kung tinanggal sa labas ng lugar kung saan ipinagbabawal ang pag-iwan ng bisikleta

Pangalan ng storage center	Lugar kung saan tinanggal (P. 16)
Impounded Bicycle Storage Center No. 1	Areas managed by Area Infrastructure Development Divisions 1 and 3
Impounded Bicycle Storage Center No. 2	Sa loob ng sakop na lugar ng Community Infrastructure Maintenance Division 1, Division 3
Impounded Bicycle Storage Center No. 3 (Ilalim ng Miyako-Ohashi flyover)	Ang mga sumusunod na address sa loob ng sakop na lugar ng Community Infrastructure Maintenance Division 2 <ul style="list-style-type: none"> <li>• Nishi-Kamata 1 hanggang 8-chome • Shin-Kamata 1 hanggang 3-chome</li> <li>• Higashi-Yaguchi 1 hanggang 3-chome • Yaguchi 1 hanggang 3-chome</li> <li>• Shimo-Maruko 1 hanggang 4-chome • Tamagawa 1 at 2-chome</li> <li>• Chidori 1-chome (20, 21, 23) • Chidori 2-chome (5, 6, 27, 36, 38 - 41)</li> <li>• Chidori 3-chome (1, 2, 4 - 6, 8 - 25)</li> </ul>
Impounded Bicycle Storage Center No. 6 (Ilalim ng Rokugobashi flyover)	Ang mga sumusunod na address sa loob ng sakop na lugar ng Community Infrastructure Maintenance Division 2 <ul style="list-style-type: none"> <li>• Omori-Minami 1-chome (1, 2, 4, 12 - 24)</li> <li>• Omori-Minami 2-chome (18, 19)</li> <li>• Naka-Rokugo 1 hanggang 4-chome</li> <li>• Nishi-Rokugo 1 hanggang 4-chome</li> <li>• Higashi-Rokugo 1 hanggang 3-chome</li> <li>• Minami-Rokugo 1 hanggang 3-chome • Higashi-Kamata 1 at 2-chome</li> <li>• Minami-Kamata 1 hanggang 3-chome • Haginaka 1 hanggang 3-chome</li> <li>• Honhaneda 1 hanggang 3-chome • Nishi-Kojiya 1 hanggang 4-chome</li> <li>• Kita-Kojiya 1 at 2-chome • Higashi-Kojiya 1 hanggang 6-chome</li> <li>• Haneda 1 hanggang 6-chome • Haneda Asahicho 1 hanggang 16-ban</li> <li>• Haneda Kuko 1 hanggang 3-chome</li> </ul>

**(6) Bawal ang manigarilyo habang naglalakad at huwag itapon ang upos ng sigarilyo kahit saan.**

Sa loob ng Ota City, ipinagbabawal ang panigarilyo habang lumalakad at habang sumasakay sa bisikleta, at ang pagtatapon ng upos ng sigarilyo Maaaring mapinsala ang taong masasalubong sa apoy ng sigarilyong hinahawakan ng naninigarilyo habang lumalakad o habang sumasakay siya sa bisikleta. At, mapipinsala rin ang mapipinsala rin ang magandang tanawin ng lungsod dahil sa pagtatapon ng upos ng sigarilyo. Huwag gumawa ng mga ito. Pakisuyong magpakita ng magandang asal at makipagtulungan para sa paggawa ng malinis at magandang lungsod.



**(7) Asosasyon ng residente • Asosasyon ng pook**

Sa bawat pook sa karamihang parte ng Japan, may mga organisasyon na tinatawag na asosasyon ng residente o asosasyon ng pook. Ito ay mga boluntaryong grupo na layunin ang magkakaroon ng magandang samahan ang mga residente sa pamamagitan ng paglilinis, mga aktibidad ng pagsasanay sa pag-iwas sa sakuna at krimen, dagdag sa mga lokal na piyesta. Mangyari lamang na huwag mag-atubiling sumali sa mga grupong ito para sa mas ikakabuti ng komunidad.




## (8) Bagong Taon at Bon Festival

Enero 1, Bagong Taon. Karamihan sa mamamayan ay walang pasok hanggang Enero 3 at tradisyon na dito na ipagdiwang ang Bagong Taon na magkakasama ang pamilya. Dahil dito, sarado ang mga tindahan at ospital hanggang Enero 3.

Kaugalian din dito na magpalitan ng New Year's card bilang pagbati sa Bagong Taon. Nabibili ang mga post cards na ito sa mga convenience stores, supermarkets, post offices at iba pang lugar. Pinapadala ang mga cards na ito na may mensahe ng pagbati sa Bagong Taon at ganundin ang mensahe ng pagpapasalamat, sa post office at matatanggap sa mismong Enero 1 ng mga pamilya, kaibigan at mga taong nais na pasasalama-tan.

Karamihan din sa mamamayan ay walang pasok mula Agosto 13~15 dahil sa Bon Festival.

Ang festival na ito ay isang memorial na pagdiriwang para sa mga ninuno. Isang tore ang itatayo sa gitna ng mga parke o templo, at magsasayawan ang mga tao palibot sa tore sa tunog ng tradisyonal na musika. Ito ay makapagdulot sa inyo ng magandang pagkakataong makihalubilo sa mga residente ng inyong komunidad.



## 2 Kagamitan (elektrisidad, gas at tubig)

### (1) Elektrisidad

[Sumangguni sa] **Tokyo Electric Power Company Customer Center**

☎ 0120-995-001

Lunes hanggang Sabado  
(hindi kasama ang mga pista opisyal)  
9:00 a.m. - 5:00 p.m.



#### Paggamit

Kailangan ng pag-aaplay para magamit ito pagkatapos lumipat. Sa paggamit ng elektrisidad sa simula ng serbisyo, itaas ang switch sa may ampere breaker. Maaari lang kontakin ang Tokyo Electric Power Company para sa mga detalye.

※ Ang paraan na ito ay para sa elektrisidad na nanggagaling sa Tokyo Electric Power Company. Kung ang gamit ninyo ay nanggagaling sa ibang kumpanya, maaari lang kontakin sila.

## (2) Gas

[Sumanguni sa] Tokyo Gas Customer Center sa ☎ 0570-002211  
※ kapag ang telepono ay PHS/IP ☎ 03-3344-9100



Lunes hanggang Sabado 9:00 a.m. - 7:00 p.m.

Linggo at mga pista opisyal 9:00 a.m. - 5:00 p.m.

### Paggamit

Bago magsimulang magamit ang gas, may empleyado mula sa kompanya ng gas na pupunta sa inyo upang buksan ang gas valve ninyo. Mangyari lamang na tumawag sa Tokyo Gas Company 1 linggo bago nyo nais na magamit ang gas. Para makapagpadala ang kompanya ng empleyado na magbubukas ng valve ng libre.

※ Ang paraan na ito ay para sa gas na nanggagaling sa Tokyo Gas. Kapag ibang kumpanya ng gas ang pinagkukuhaan, maaari lang na kontakin sila.


### Kapag nakaamoy ng gas, pinagbabawal ang apoy!

- 1 Buksan ang mga bintana at mga pinto.
  - 2 Isara ang mga gas valves.
  - 3 At isara ang main gas line meter
- ※Huwag galawin ang mga switch ng ilaw o bentilador. ( maliliit na tilamsik ay mabubuo sa pag-bukas at patay ng switch.)

Gas leak information phone ☎0570-002299 (24 Oras)

※Kapag ang Navi - Dial ay di makakontak (IP phones o galing sa abroad)

☎03-6735-8899



## (3) Tubig

[Sumanguni sa] Tokyo Metropolitan Waterworks Bureau  
Customer Center  
☎ 03-5326-1101



Lunes hanggang Sabado (hindi kasama ang mga pista opisyal)  
8:30 a.m. - 8:00 p.m.

※ 24-Oras na serbisyo kapag may emergency, kasama na ang pag tagas ng tubig.

### Paggamit

Kapag bagong serbisyo ng tubig ang gamit nyo pagkatapos lumipat, atb., kontakin ang Waterworks Bureau 3 hanggang 4 na araw bago umpisahang gamitin. Pwede din mag apply online.

## (4) Telepono

### Pag da-dial

#### ○ International calls

Tumawag gamit ang access number depende sa inyong telecommunications provider + 010 (International Dial Identification Number) + Country Code + Area Code + Local Number sa tamang pagkakasunod-sunod. Itanong ang access number sa inyong telecommunications provider.

#### ○ Domestic calls

Area Code No.+ tel. No.,  
(Halimbawa) 03-1234-5678

↑ Tokyo area code No.

3

## 3 Pag nagmamaneho ng automobile o motorbike

### [Sumangguni sa] Website ng Metropolitan Police Department

Kinakailangan ng driver's license kapag kayo ay magmaneho ng kotse (sasakyan) o motorbike dito.



#### (1) International driver's license

Makakapagmaneho kayo dito kapag mayroon kayong valid international driver's license na isyu ng kahit anong bansa na miyembro ng Geneva Treaty.

#### (2) Pagpapalit para sa Japanese driver's license

Kapag kayo ay may overseas driver's license at maabot ninyo ang 2 kakailanganin nakasulat sa ibaba, maaari nyong mapapalitan ito ng Japanese driver's license sa Driver's License Center.

- Balido ang inyong driver's license
- Mapatunayan ninyo na tumira kayo ng 3 buwan o mahigit pa sa bansa na kinuhanan ninyo ng lisensya
- \* Kumpirmahin ang paraan ng pagpalit ng lisensya sa Driver's License Center gamit ang detalye ng [Sumangguni sa] sa itaas.

## 4 Iba pang impormasyon ukol sa pang araw-araw na pamumuhay

#### (1) Recyclable na Basura

[Sumangguni sa] • Waste Collection Offices

Omori Waste Collection Office ☎ 03-3774-3811

Kamata Waste Collection Office (Chofu area)

☎ 03-6459-8201

Kamata Waste Collection Office (Kamata area)

☎ 03-6451-9535




• Sanitation Division ☎ 03-5744-1628

### ① Pagbubukod ng basura

Kailangang ipagbukod ang basura sa bahay na maaaring i-recycle (papel na gamit na, bote, lata, PET bottles, food trays), burnable (nasusunog), hindi nasusunog (unburnable), at malalaking basura bago ito kolektahin.

Ang araw ng pagkolekta ng basura ay naiiba ayon sa lugar. Para sa karagdagang detalye, mangyari lamang na basahin ang pamphlet na may pamagat na “Paano ang pagbubukod at pagtapon ng recyclable na basura”



### Pagbubukod at pagtapon ng recyclable na basura

Mga wikang available: English, Chinese, Hangul, Tagalog, Nepalese, Vietnamese  
Lugar ng pamamahagi: City Office Main building, Branch Offices(P.17),  
Waste Collection Offices(P.27)  
Inisyu ng: Ota City Sanitation Division



### ② Aplikasyon para sa pagpakolekta ng bulky o malalaking bagay na itatapon.

**[Sumangguni sa] Ota City Bulky Refuse Reception Center**  
☎ 0570-037-530


Suportadong Wika: English, Chinese, Hangul, Portuguese, Spanish, Thai, Vietnamese  
8:00 a.m. - 7:00 p.m. ( hindi kasama ang Disyembre 29 hanggang  
Enero 3 at araw ng maintenance)

(English, Chinese, Hangul)



Mag-apply sa Ota Bulky Refuse Reception Center para sa pagpakolekta ng malalaking bagay na may sukat na 30cm o mahigit pa. Kabilang na dito ang mga kasangkapan (furnitures) at elektrikal na appli-ances. May bayad ang pagpakolekta. Ilegal na pagtapon ng basura ay may kaukulang parusa. Su-munod sa batas at itapon ang basura ng tama.

Ito ang chart sa pasunod na paraan sa pagpakolekta ng malalaking bagay



**3 Pag-recycle ng mga elektrikal na kagamitan sa bahay.**

**[Sumanguni sa] Home Electrical Appliances Recycle Reception Center**  
**☎ 0570-087-200**  
**(Pagtatanggap: Oras ng pagtanggap: Lunes -**  
**Biyernes 9:00 a.m. - 5:00 p.m.)**

Ayon sa batas, obligado na i-recycle ang mga air conditioners, TV sets, washing machines, dryers, refrigera-tors at freezers. Magtanong sa salesperson na inyong pagbibilhan ng bagong appliance ukol sa pag recycle ng inyong lumang appliance. Kapag hindi kayo nakakita ng recycling shop, kumontak lamang sa Home Electrical Appliances Reception Center para sa pag-recycle.

※ Hindi makokolekta ng syudad. Sisingilin ang bayad para sa pag-recycle at bayad para sa pagkuha at pagdala.

**4 Ang smartphone app ay magagamit sa kung paano magbukod at magtapon ng basura.**

**[Sumanguni sa] Collection and Recycling Section, Sanitation Division**  
**☎ 03-5744-1628**

May karanasan ba kayo na nahirapan o hindi kabisado ang araw para sa pagtatapon at kung paano magtapon ng basura?

Mayroong app na inihanda ang Ota City para madaling matiyak ang araw para sa pagtatapon at kung paano magtapon, kung saan dapat mag-ingat sa pagtatapon, “diksyonaryo” ng kategorya ng mga basura, mga karaniwang tanong, iba’t ibang problema at mga sagot ng mga iyon.

Available ito sa English, Chinese, Hangul, Nepalese, Tagalog, at Vietnamese, bukod pa sa Japanese. Pakisuyong gamitin ito.

Ota City Garbage Separation



## (2) Postal na serbisyo

### Japan Post

[Sumangguni sa] Customer Service Consultation Center

☎ 0120-23-28-86

※ Gamit ang cellphone ☎ 0570-046-666

※ Ingles na Pagtanggap ☎ 0570-046-111



(Lunes hanggang Biyernes) 8:00 a.m. - 9:00 p.m. | (Sabado, Linggo at pista opisyal) 9:00 a.m. - 9:00 p.m.

#### ① Pangunahing Opisina ng Postal sa Ota City (Japan Post)

- Omori - 3-9-13 Sanno, Ota City
- Kamata - 1-2-8 Kamata-Honcho, Ota City
- Den-enchofu - 2-21-1 Minami-Yukigaya, Ota City
- Chidori - 2-34-10 Chidori, Ota City

#### ② Oras ng pagbukas ng opisina ng postal (mail business)

(Lunes hanggang Biyernes) 9:00a.m.- 5:00p.m. (May piling mga lugar na bukas kahit Sabado, Linggo at hatinggabi.)

#### ③ Mail box

Kapag kayo ay magpapadala ng postcard o sulat para sa domestic o international na destinasyon, lagyan ng selyo at ihulog ang postcard o sulat sa pulang mailbox. May dalawang puwang sa kahon, para sa mga sulat (regular ang laki) at postcards, at ang isa ay para sa mga irregular na laki, international, express, atb.)

Makakapagpadala din kayo ng malalaking mail (koreyo) sa post office.



#### ④ Internasyonal na mga serbisyong postal

Sa mga padala na para sa ibang bansa, ang mga serbisyong kalakip ay EMS (Express Mail Service), air post, SAL (Surface Air Lifted) at surface marine post, na may iba't-ibang bayarin at araw ng paghahatid.

#### ⑤ Kapag ang paghahatid ay hindi pwede

Kapag ang packets at parcels na hinatid ay hindi maibigay, ito ay ibabalik sa center ng delivery agent at ito ay mag iiwan ng "failed delivery notice" sa mailbox. Ang parcel ay mananatili sa post office ng pitong araw mula sa sumunod na araw ng ito ay hinatid. Dapat sa mga araw na ito makukuha na ninyo ang inyong package at dalhin ang "failed delivery notice", pagkakakilanlan katulad ng Zairyu card at personal seal(kung ikaw ay mayroon nito). Kung gusto mong ipa delivery ulit, maaari lang isulat ang gustong petsa at lugar ng pag deliver at ilagay ito sa mailbox.

## (3) Banko

Sa mga banko ay pwedeng magbukas ng savings account at magpadala ng pera abroad. Nag-iiba ang mga serbisyo ayon sa pinansyal na institusyon. Para sa karagdagang detalye, kontakin lamang ang pinansyal na institusyon na ukol dito.

## (4) Pabahay

### ① Pampublikong pabahay

Ang munisipalidad ay naglalaan ng pampublikong pabahay. Dahil ang pagkakaangkop, mga kinakailangan at panahon ng pag-apply ay naiiba ayon sa uri ng pabahay, mangyari lamang na kumontak sa mga sumusunod para sa karagdagang detalye.

Uri	Sumangguni sa
City housing	Ota City Residence Management Center ☎03-3730-7325
Senior Citizen Housing	Senior Citizen Housing Management Service Counter ☎03-5744-1346
Tokyo Metropolitan housing	Tokyo Metropolitan Municipally-owned Housing Application Center ☎03-3498-8894

### ② Pribadong paupahang bahay

Dahil limitado ang bilang ng pampublikong pabahay, malaki ang pangangailangan ng pribadong pabahay. Makipagkontrata sa may-ari ng pabahay sa pamamagitan ng mga real estate agency para makakuha ng mauupahan at magbayad ng buwanang renta. Para sa mga dayuhang may status of residence ng Japan, mayroong sistema ng pagtulong sa paghanap ng matitirahan tulad ng pamamahagi ng listahan ng mga real estate agency na nakikipagtulungan at pagpapakilala ng kompanyang naggagarantiya ng upa sa bahay.

**[Sumangguni sa] Counter para sa pagkokonsulta tungkol sa tirahan**  
☎ 03-5774-1343

- Oras para sa paggamit : Lunes~Biyernes (Hindi kasali rito ang sarado sa pista opisyal, at katapusang araw ng taon/bagong taon)  
8:30 a.m. - 5:00 p.m.

#### **[Pasunod na paraan sa paghahanap at paglipat ng bahay]**

##### ○ **Paghahanap ng mauupahan**

[Paraan ng paghanap]

- Maghanap sa internet.
- Bumisita sa real estate agency na malapit sa lugar na nais tirahan.

##### ○ **Kontrata**

[Mga babayaran sa panahon ng pakipag-kontrata]

Kinakailangan ninyong magbayad ng halagang katumbas ng 5~6 na buwan na upa sa panahon ng pakipagkontrata para sa mga sumusunod

- Security deposit: Ibibigay ito sa landlord sa panahon ng pakipagkontrata. Ito ay laan para sa hindi nabayarang renta at mga pagpapa-repair. Maibabalik sa inyo ng halagang matitira pagkatapos ng kontrata.
- Key money: Ibibigay ito sa landlord sa panahon ng pakipagkontrata dagdag sa deposito. Ito ay hindi maibabalik sa inyo matapos man ang kontrata.
- Komisyon: Halagang ibabayad sa real estate agency.

[Garantor]

Hinihingi na magsama kayo ng garantor kapag kayo ay uupa ng pribadong pabahay dito sa Japan. Kapag wala kayong makuhang garantor, maaari din kayong gumamit ng rental guarantee company.

※ Kapag gumamit ng tagapanagot na kompanya, maaring may mga kaukulang bayad.

#### ○ Paglilipat

Sa paglilipat, kailangan ninyong pagtuunan ng pansin ang mga bagay tungkol sa pabahay, dagdag pa sa pagsunod sa kontrata:

- Pagtatapon ng basura sa nakatalagang lugar ng nakatalagang araw.
- Sa pagluluto, ingatan lamang na huwag lumabas ang mabahong amoy sa inyong bahay at umabot hanggang kapitbahay.
- Kailangan na ang naka-kontratang tao lamang ang tumira sa bahay. Hindi maaaring tumira ang ibang tao na wala sa napagkasunduang kontrata.
- Huwag kumuha ng kapalit na uupa hangga't walang paunang permiso ng landlord.
- Mag-iingat na hindi makagawa ng ingay.

### (5) Konsultasyon ng Mamimili

**[Sumangguni sa] Consumer Center Consultation Hotline ☎ 03-3736-0123**

- Pagtanggap ng konsultation Lunes hanggang Biyernes 9:00 a.m. - 4:30 p.m.
- Sabado, Linggo at pista opisyal ay ginagawa ng pasilidad ng national/prefectural . (Consumer Hotline ☎ 188)

Konsultasyon ng mamimili tungkol sa isyu ng mga produkto at serbisyo na nilalaan para sa mga mamimili na residenteng lokal ay hinahawakan ng hotline na nagbibigay ng mga payo at impormasyon sa paghanap ng solusyon. Kung kinakailangan, ito ay nagbibigay din ng arbitrasyon sa mamimili at negosyo.

### (6) Pagbibigay notisya ukol sa mga aso

**[Sumangguni sa] Area Health Divisions (P. 16)**

Lahat ng nagmamay-ari ng aso ay obligadong iparehistro ang aso at pa-iniksyunan ng anti-rabies taon-taon ayon sa batas (Rabies Prevention Act.)

#### ① Lisensya ng aso

Kailangan ang (A) para sa mga asong nakarehistro ang microchip information sa ahensya ng rehistrasyon na itinalaga ng Ministry of the Environment, at (B) para sa mga asong hindi nakarehistro ang microchip information sa ahensya ng rehistrasyon na itinalaga ng Ministry of the Environment.

(A) Mga asong nakarehistro ang microchip information sa ahensya ng rehistrasyon na itinalaga ng Ministry of the Environment

Dahil may rehistrasyon ng microchip information, hindi na kailangan magrehistro sa City Office. Ang microship ay ang magiging "lisensya ng aso". Kapag namatay ang alagang aso o may pagbabago sa nakarehistrong impormasyon (tulad ng

nagbago ang address), mangyaring baguhin ang nakarehistrong microchip information sa website ng ahensya ng rehistrasyon na itinalaga ng Ministry of the Environment.



(B) Mga asong hindi nakarehistro ang microchip information sa ahensya ng rehistrasyon na itinalaga ng Ministry of the Environment.

Lahat ng aso na may edad na 91 araw at pata as ay kailangang iparehistro. Sa pagparehistro, lahat ng nagmamay-ari ng aso ay iisyuhan ng license tag na tinatawag na Inukansatsu. Kinakailangang nakakabit ito lagi sa aso. Sakali mang mawala ang license tag na ito, kailangang mag-apply para sa kapalit nito. Mangyari lamang na ipagbigay-alam sa Health Care Services Division kapag namatay ang aso o may pagbabago sa mga impormasyon na nakarehistro (tulad ng pagbabago ng address at iba pa).

Bayarin para sa lisensya ng aso

Diskripsyon ng rehistro	Halaga
Bagong rehistro ng aso/ Pag-isyu ng license tag, Inukansatsu	¥3,000
Pagpa re-isyu ng license tag, Inukansatsu	¥1,600

**② Pagpa-iniksyon(Inoculation) ng anti-rabies**

Lahat ng nagmamay-ari ng aso ay obligadong iparehistro ang aso at pa-ineksyonan ng anti-rabies taon-taon, at kailangang nakakabit ang inoculation tags sa aso upang sertipikadong na-ineksyon ito. Kailangan din na mag-apply para sa kapalit kapag nawala ang tag sa loob ng kasalukuyang taon na naineksyonan.

Bayarin sa rabies-inoculation tag

Diskripsyon ng rehistro	Halaga
Pag-isyu ng inoculation tag	¥550
Pagpa re-isyu ng inoculation tag	¥340

**③ Tuntunin at asal para sa mga nag-aalaga ng hayop (pet owners)**

Hinihingi namin ang kooperasyon at pakikisama ng bawat isa upang makapamuhay ng maayos ang mga pet owners at gayundin ang mga hindi komportable sa mga hayop dito sa ating lipunan. Mangyari po lamang na magbigay konsiderasyon sa iba lalo na kapag dinala nyo ang inyong aso sa lugar na pampubliko o maraming tao.

- Mangyaring tapusin ang pagtae at pag-ihing sa bahay hangga't maaari bago lumabas kasama ang inyong aso.
- Mangyari lamang na ligpitin ang dumi at ihi ng aso kapag inilalakad sa mga daan.
- Mangyari lamang na hawakang mabuti ang inyong aso kapag naglalakad sa labas.
- Mangyari lamang na sanayin ang inyong aso upang maiwasan/mabawasan ang pagkahol at iba pang kaugalian ng aso.

#### ④ Katanungan para sa alagang hayop (pets)

Diskripsyon ng katanungan		Sumangguni sa
Nakagat ng aso, nakakagat ng tao ang alagang aso		Sanitation and Public Health Division ☎03-5764-0670
Pagpapakapon ng aso at pusa, pagpaopera na hindi magkaanak		Sanitation and Public Health Division ☎03-5764-0670
Nawawalang aso o pusa Proteksyon sa aso o pusa		Area Health Divisions (P.16) Animal Protection and Consultation Center, Tokyo Metropolitan Government ☎03-3302-3507
Sugatang aso o pusa na natagpuan sa publikong lugar		Animal Protection and Consultation Center, Tokyo Metropolitan Government ☎03-3302-3507
Bangkay ng hayop	Natagpuan sa pribadong lugar	Waste Collection Offices (P.27)
	Pamamahalaan ng admin-istrasyon ang bangkay na natagpuan sa publikon glugar	Ota City Area Infrastructure Development Divisions (P.16)
		Waste Collection Offices kapag natagpuan sa munisipal na daan. (P.27)
		Shinagawa Branch, National Road Management Office, Construction and Transport Ministry kapag natagpuan sa nasyonal na daan ☎03-3799-6315

#### (7) Website ng Ota City

[Sumangguni sa]

**Public Hearing and Public Relations Division**

☎ 03-5744-1132

Ipinapakita ang pinakabagong impormasyon ng administrasyon sa Ota City at ang mga proseso sa Ota City Office. Maaaring gamitin ang mga function na speech synthesizer, pagpapalaki ng mga letra at awtomatikong pagsasalin.



#### (8) Website ng Global City Ota Cooperation Association

[Sumangguni sa]

**Global City Ota Cooperation Association**

☎ 03-6410-7981

Sa Website ng Global City Ota Cooperation Association, ipinapakita ang iba't ibang uri ng impormasyon para sa inyong mga dayuhan, tulad ng impormasyon para

pamumuhay, paghahanda sa sakuna, at pag-aaral ng Wikang Japanese. Available rin dito ang awtomatikong pagsasalin sa English, Chinese, Hangul, at Vietnamese.



### (9) Paghahanap ng mga volunteer para sa international exchange

[Sumangguni sa]

**Global City Ota Cooperation Association**

☎ 03-6410-7981

Ang Global City Ota Cooperation Association ay naghahanap ng mga volunteer para sa international exchange.

Pakisuyong tingnan ang detalye nito sa website, o magtanong sa amin.



### (10) VoiceTra

App ito na magsasalin sa banyagang wika kapag magsasalita kayo rito. Magsasalin ito sa 31 wika, at walang bayad para sa pag-download at paggamit nito. Ginawa ito bilang app para sa research na inaasahan na gamitin ito sa personal, at ginagamit para dito ang server para sa research.

